

Pagmamapa at Pagsisilid: Isang Pagsisiyasat sa Danas at Teorya ng Pagtuturo ng Katutubong Panitikan sa Unibersidad ng Pilipinas Mindanaw¹

Mapping and Confining: An Exploration into Experiences and Theories of Teaching Indigenous Literature at the University of the Philippines Mindanao

JAY JOMAR F. QUINTOS

Abstrak

Ang sanaysay na ito ay isang pagtatangka na magnilay sa mga personal at propesyunal na danas sa pagtuturo ng katutubong panitikan sa Unibersidad ng Pilipinas Mindanaw. Nais nitong sagutin ang bugtong: Papaano nga ba maimamapa ang angkop na lente at balangkas sa “pagbasa” sa tradisyong pabigkas na nakabatay at likas sa pamayanan at pangkat-etniko na pinagmulan nito? Sisiyasatin din ang diskursibong konstelasyon ng kulturang ipinapahayag (expressive cultures), panahon, at mga institusyon ng estado.

This essay attempts to contemplate on the personal and professional experiences of teaching indigenous literature at the University of the Philippines Mindanao. It asks the question: Can one map out the appropriate lens and framework in “reading” oral traditions that is grounded on and inherent in the community and the ethnolinguistic group where it came from? It also probes the discursive constellation of expressive cultures, time, and state institutions.

Susing salita: oral na panitikan, araling katutubo, araling Pilipino, kaalamang-bayan

Key words: oral literature, indigenous studies, Philippine studies, folklore

JAY JOMAR F. QUINTOS is an Associate Professor of Literature and Philippine Studies at the University of the Philippines.

Introduksyon

“No’ng unang panahon
Ang patak ng ulan
Pinasasariwa
Dahong naninilaw
Ngayo’y nagngangalit
May hanging kasabay
May bahang kasunod
Na nakamamatay.”

~ Bienvenido Lumbera, “Noong Unang Panahon”
(libretto mula sa *Tales of the Manuvu*)

Tila buhol-buhol, nagsasala-salabit, ang danas sa trapiko kapwa sa lansangan at utak habang binabaybay namin ang daanan mula siyudad ng Davao patungong Bunawan, Agusan del Sur. Humihiyaw ang sinag ng araw sa labas ng pampasaherong bus. Isang pangkaraniwang araw iyon ng Nobyembre. Taong 2014. Nagpasya akong samahan ang isang kaibigan na dalawin ang komunidad na sityo ng kanyang pananaliksik. Naglalaban ang samyo ng sariwang lansones at binalatang itlog sa loob ng sasakyan habang abala ako sa pagkilala sa tutunguhing probinsya. Agusan del Sur. Bahagi ng administratibong rehiyon ng Caraga (Rehiyon XIII). Sa hinuha ni Peter Schreurs, sa kanyang *Caraga Antigua 1521-1910: The Hispanization and Christianization of Agusan, Surigao and East Davao* (1989), isa ang rehiyon ng Caraga sa mga lunan kung saan malaong naisakatuparan ang layunin at tunguhin ng mga Espanyol na palaganapin ang Kristiyanismo sa kabuuan ng Mindanaw. Patunay dito ang iba’t ibang hugis at kulay ng misyon at paglukob ng mga dayuhan sa iba’t ibang panig ng rehiyon.

Damang-dama ko ang pagod sa biyahe. Mula siyudad ng Davao, limang oras ang inabot ng paglalakbay bago marating ang poblacion ng Bunawan. Natatandaan kong tumigil kami ng aking kasama sa isang panaderya, bumili ng anim na piraso ng *choco lanay*. At mula roon, tumuloy kami sa Brgy. Mambalili at Nueva Era sakay ng *habal-habal*. Halos isang oras din ang binagtas ng *habal-habal* sa hindi sementado, lubak-lubak, at mabatong kalsada. Kung lilibutin ng tingin,

masusumpungan ang pumapaligid sa daanang masukal na damo at tila mga walang ngalan na puno. Layon ng pagbisita ang kumustahin ang mga Agusanon Manobo na siyang tumugon sa paanyaya ng aking kaibigan hinggil sa kanyang saliksik ukol sa pagmamapa sa kagubatan ng sago (*Metroxylon sago*) sa kanilang *yutang kabilin* (lupang ninuno). *Kalumbiahan*. Ganito kung tawagin nila ang kagubatan ng sago. Sa saliksik na iyon, nilikha ang mapa at lumikha ng pagmamapa sa mga espasyo at lunan kung saan matatagpuan ang mga sago. At kalaunan, nalantad ang magkaugnay na dalumat ng pagmamapa (*mapping*) at pag-apuhap sa landas (*wayfinding*). Sa pananaw ng antropologong si Tim Ingold (2000), nagiging makabuluhan ang pag-apuhap sa landas (*wayfinding*) sapagkat lumalagpas ito sa heograpikal at pisikal na landasin at nailalakip na rin ang kultural pagdulog.² Sa ginawang saliksik ng aking kaibigan, malinaw ang dunong sa pakikisalamuha at pakikipamuhay sa mga Agusanon Manobo. Hindi isang natural na bahagi ng kapaligiran ang *kalumbiahan*. Isa itong panlipunan, pampolitika, at pangkulturang likha ng pamayanan upang mapanatili ang kariktan ng buhay. Sa mga Agusanon Manobo, matingkad na bahagi ang *kalumbiahan* sa kanilang pang-araw-araw na buhay – sa pagbunot at pagkuha ng sago na siyang ginagamit bilang panghalili sa kanin (Varquez 2015, 22-43). Sa mga pangkat na nilimot ng pamahalaan at estado sa pambansang hinagap nito, hindi sapat ang barya sa bulsa upang makabili ng kanin na kanilang kakainin.

Bagaman unti-unti na ring naglalaho sa alaala ko ang mga detalye sa pagbisita na iyon, mayroon pa ring mumunting sandali na nananatiling malinaw sa akin. Hindi ko malilimot ang pagkapukaw ko sa taglay na rikit ng kuwadrang imahen ng Ilog Agusan na nahahagip ng mga mata. Hitik sa idioma at retorika ang Ilog Agusan na siyang sumasakop sa lati (marsh) ng Agusan na nagsisilbing sanktuwaryo sa iba-ibang uri ng ibon, halaman, isda, at maging buwaya. At dito nag-uumpisa ang sapin-saping diskurso.

Maaaring magsimula sa paglalapag ng mapa sa mesa. Dito tutukuyin ang mga bahaging pumipintig at pumupulso. Halimbawa, narito ang mapa ng Pilipinas, heto ang Sentro, at naroon naman ang mga nilimot at isinantabi sa laylayan. Nguni't matutunton din ang mga tanyag na pook bunsod na rin sa kaliwa't kanang kahulugan at pagpapakahulugan na nakalakip doon. At marahil, masasabing pamilyar ang lati ng Agusan (Agusan marsh) sa mapa at gunita ng kasaysayan dahil sa mga balita rito ukol sa pananalanta ng mga

buwaya sa ilang residenteng nananahan sa mga kalapit na patag na pook. Bunsod na rin sa nag-iiba-iba at nagsasalabid na tekstura ng paniniwala ng mga nakapaligid sa lati (marsh), masidhi ang pananalig sa realidad ng pagbubuwis ng buhay na itinatakda ng panahon, kapaligiran, at buwaya.

Nagtanong-tanong ako sa mga tao sa Brgy. Mambalili sa Bunawan kung mayroon nga ba silang katutubong paniniwala hinggil sa buwaya at sa tila kasakiman nitong makapaghiganti at makatikim ng karne ng tao. Ngunit sa ilang residente na napagtanungan ko, wala ni isang makapagsabi sa akin kung mayroon nga o wala. Sa biyahe ng bus pauwi, ikukuwento ko ito sa aking kaibigan at saka niya inilahad ang katuwirang ang Agusanon Manobo ang isa sa pinakanasakop ng Kristiyanismo na etnolingguwistikong grupo sa Mindanaw. Ito, marahil, ang nagdulot sa kung hindi man tuluyang pagbura, ay paglimot ng mga Agusanon Manobo sa kanilang mga pananaw at paniniwala bago pa man dumating ang mga mananakop. Isa ang pangkat ng mga Manobo (na ang ibig sabihin ay *tao*) sa bumubuo sa pinakamalaking bilang ng mga Lumad³ sa Mindanaw at Sulu. Ngunit mapapansin din ang pagsasanga-sanga ng mga ito at pagkakaiba sa antas lingguwistiko batay na rin sa kani-kanilang tinitirahang lugar at karatig na ilog. Isang realidad sa iba't ibang pangkat sa Mindanaw ang pagpapangalan sa kanilang sarili batay sa pinagmulang lugar at karatig na ilog. Nariyan ang mga Talaingod Manobo, mula sa lugar ng Talaingod, Davao del Norte; ang Kulaman Manobo, mula sa lugar ng Kulaman, Sultan Kudarat; at maging ang mga Matigsalug, mula sa lugar malapit sa Ilog Salug.

Dalawang taon ang lilipas, ituturo ko sa kursong Filipino 21 (Katutubong Panitikan) sa Unibersidad ng Pilipinas Mindanaw, ang dalawang kuwentong Ilianen Manobo⁴ na kapwa nagsasalaysay hinggil sa katangian, gawi ng pamumuhay, at pakikipag-ugnayan sa tao ng mga buwaya. Sa kuwentong “Bad Character (Girl) and Good Character (Girl)” na inawit ng matandang babae na si Pengenda Mengsenggilid at inirekord at isinalin naman ng pangkat ni Hazel J. Wrigglesworth (1993), tampok ang marilag at payapang ugnayan sa pagitan ng tao at buwaya. Sa kuwento naman na “Pilanduk and the Crocodile Chief”⁵ na inawit ni Ampatuan Ampalid at inirekord at isinalin din ng pangkat ni Wrigglesworth (2004), inihahayag ang masalimuot at unti-unting pagkasira ng ugnayan ng tao at buwaya. Bagaman higit na lumilitaw ang dunong at gahum ng dalawang nirebisang kuwento sa magkaibang

antolohiya ni Wrigglesworth na *Good Character and Bad Character: The Manobo Storytelling Audience as Society's Jurors* (1993) at *The Song from the Mango Tree* (2004), mapapansin na kapwa unang nalathala ang mga binabanggit na kuwento sa aklat na *An Anthology of Ilianen Manobo Folktales* (1981) na pinatmanugutan din ni Wrigglesworth.

Sa kursong iyon ng Filipino 21, mariin ang naging pagtatasa hinggil sa buwaya, lalo at higit sa katangian nito bilang kaibigan sa “Bad Character (Girl) and Good Character (Girl).” Sa kuwento, tinulungan ng buwaya sa paghuli ng isda ang isang mabait na babaeng nagngangalang Mepiya Bawa bunsod na rin sa ipinakita nitong pag-aaruga sa anak na buwaya, habang naging katunggali naman ang buwaya sa lahat ng pinaplano at balakin ng tusong si Pilanduk sa “Pilanduk and the Crocodile Chief” na sa huli’y nagdulot ng isang kahihinatnang madugo ngunit kakikitaan pa rin ng pag-asa para sa mga buwaya. Sa isang talababa sa *An Anthology of Ilianen Manobo Folktales* (1981), binabanggit ni Wrigglesworth na maaaring ang kuwentong Manobo ni Pilanduk ang siyang partikular na etiolohikal na kahulugan na makakapagpaliwanag sa kasalukuyang sigalot sa pagitan ng tao at buwaya lalo na’t hinaraya ang matiwasay nilang ugnayan sa sinaunang panahon (231).

Sa Kagawaran ng Humanidades sa Unibersidad ng Pilipinas Mindanaw, isa ang Filipino 21 sa tatlong kurso sa larangan ng BA English (Creative Writing) na nagtatampok sa pag-aaral sa katutubong panitikan. Ang iba pang dalawang kurso na binabanggit ay ang Comparative Literature 152 (CL 152) o Regional Literature in the Philippines at ang Comparative Literature 170 (CL 170) o Folk Literature na kapwa itinuturo sa wikang Ingles. Sa karanasan ko bilang guro ng CL 152, may pagkiling ang dinidisenyo kong kurso sa panitikan ng Mindanaw at Sulu na kung tutuusin ay sumasakop sa malaking bahagdan na nananatiling nasa anyo ng tradisyong pabigkas. Ang CL 170 naman ay hindi pa naituturo sa kasaysayan ng larangan mula nang itatag ito noong 1996 at umpisahang iangkop ang mga kurso ng BA Creative Writing ng UP Diliman. Isa rin ang Filipino 21 sa apat na kurso sa buong unibersidad na itinuturo sa Filipino, ang tatlo bilang Filipino 1 o Estilo sa Pagsusulat sa Filipino, Filipino 20 o Mga Piling Katha ng Manunulat sa Pilipinas, at Filipino 121 o Malikhaing Pagsulat. Ang Kagawaran naman ng Agham Panlipunan ng UP Mindanaw ay mayroon ding dalawang kurso na nakatuon sa

kaalamang-bayan at tradisyong pabigkas na ang lapit at dulog ay antropolohikal. Nariyan ang Anthropology 161 o Folklore at ang General Elective na kurso na Mindanao Studies 1 (Min Stud 1) o Hitchiker's Guide to Mindanao. Sa unang semestre ng Akademikong Taon 2018-2019, bunsod na rin sa ilang problemang administratibo ng Kagawaran ng Agham Panlipunan, nagkaroon ako ng pagkakataon na makapagturo ng Mindanao Studies 1 bagaman nanggaling ako sa Kagawaran ng Humanidades. Sa semestrenang iyon, inihulma ko ang disenyo ng kursong Min Stud 1 batay sa pangkalahatang layunin na basagin ang iba't ibang mito na umiinog sa kung papaano hinaharaya ang Mindanaw at Sulu.⁶ Bunsod na rin sa disiplinaryang aking pinagmulan, higit na may pagkiling sa panitikan at kasaysayan ang nilikha kong kurso. Hinayaan kong sumayaw sa alon ng kasaysayan at politika sa Mindanaw at Sulu ang dunong at kaalaman gamit ang katutubong panitikan. Tulad, halimbawa, ng pagtuturo sa prekolonyal na pamumuhay sa Mindanaw at Sulu gamit ang *Ulahingan* (ibig sabihin ay "mahabang salaysay ng pakikipagsapalaran ng isang bayani) ng mga Livunganen Arumanen Manobo⁷ na *Agyu*.

Bilang isang guro at mananaliksik na nakasandig sa maka-Araling Pilipino na lapit sa pag-unawa at pagdulog sa mga teksto at konteksto nito, ginagabayan ako ng paggigiit ni Bienvenido Lumbera sa pamamaraan kung papaano susuriin ang isang akdang pampanitikan. Sa pagtataya ni Lumbera (2000), "hindi na dapat magwakas sa paghango ng 'aral' o 'mensahe,' o sa pagtukoy sa mga sangkap ng anyo, gaya ng 'tayutay,' 'tema,' 'teknik,' atbp." (xi) ang paraan ng pagbasa ng panitikan. Lipas na ang ganitong simplistikong pagpapakahulugan sa akda. Sa imahinasyon ni Lumbera, kinakailangan nang igpawan ang ganitong pagbasa at kilalanin na ang mga elemento't kahulugan na bumubuo sa teksto na nakamapa sa isang malawak na ilog ng konteksto na dumadaloy sa kaisipan ng mambabasa.

Sa unang beses na pagtuturo ko ng mga kuwentong Ilianen Manobo sa kursong Filipino 21, naging bugtong sa akin ang tutunguhin ng aming talakayan ukol sa diskursibong kahulugan at pagpapakahulugan sa buwaya sa "Bad Character (Girl) and Good Character (Girl)" at "Pilanduk and the Crocodile Chief." Marahil, bunsod na rin ng nakapupukaw na banghay ng kuwento, aktibo ang naging daloy ng talakayan. Mayroong mga mag-aaral na nagsabing paalala ang kuwento hinggil sa pagkakaroon ng kabutihang asal sa kapwa. Sa magkapatid na Mepiya Bawa at Meraat Bawa sa "Bad

Character (Girl) and Good Character (Girl),” naging matulungin at mabait ang una sa buwaya at anak nito kung kaya’t hinandugan ito ng maraming isda na maaaring kainin samantalang naging suwail naman ang pakikitungo ng huli kung kaya iisang isda lamang ang naiuwi nito. Sa “Pilanduk and the Crocodile Chief” naman, tuso at mapanlamang ang ugali ni Pilanduk sa buwayang nagbigay ng buong tiwala nito na sa huli’y mauuwi sa isang trahedyang.

Sa dalawang kuwentong Ilianen Manobo na binabanggit, maaaring ipagpalagay ng mambabasa na ang kuwento ay may layuning didaktiko, lalo na sa pagbibigay ng “moral lesson.” Maging mabait sa kapwa lalo na’t sa huli’y gagantimpalaan ang may busilak na puso at paparusahan naman ang mga makasalahan. Dalawa ang mukha na ibinibigay sa buwaya: ang una’y ang pagiging matulungin nito sa tao at ang pangalawa nama’y ang pagiging pasibo nitong nilalang na palagiang naloloko ng tusong si Pilanduk. Kung susumahin, tila kakaiba ang mga imaheng ito sa kasalukuyang imahen ng buwaya. Sa lati ng Agusan (Agusan marsh), makasalanang nilalang ito na kumikitil ng iba’t ibang uri ng hayop at tao. Inilalakip din sa imahen nito ang iba’t ibang retablo ng paniniwala hinggil sa paghihiganti at ritwal ng pag-aalay ng buhay. Sa saray naman ng pananagisag sa lipunang Filipino, ganid ang mga buwaya na kalimitang nakikita sa kalsadang dinudumihan ng buhol-buhol na trapiko o kaya ay sa mga opisina na mayroong manggagawa o pinuno ng gobyerno na inuuna ang kanilang materyal o personal na interes kaysa sa nakararami. Ngunit, mahalagang isipin na ang ganitong diyalektika ukol sa hugpungan ng masama at mabuti ay maaaring mahulog sa bitag ng reduktibong paraan ng pagtatasa. Higit na mainam na isaisip na ang simula at wakas ng katutubong kuwento ay hindi hinggil sa mensahe nito ukol sa pagkakaroon ng “good manners and right conduct” batay sa dikta ng lipunan at kinakapitang pananalig.

Ngunit, tulad ng binabanggit ni Lumbera, tradisyunal at simplistiko ang mga ganitong pagtataya. Bumubuo ng diyalektika ang *pagbasang* (paumanhin sa parikala) ito sa katutubong panitikan na nasa tradisyong pabigkas. Sa isang banda, ginagamit ko ang katawagang katutubong panitikan sa sanaysay na ito gayong malay ako sa bagaheng hatid ng salitang “katutubo” lalo na sa banggaan ng diskurso sa kung ano ang “katutubo” sa “hindi katutubo.”⁸ Sa kabilang banda naman, tila isang mortal na kasalahan sa estetika at haraya ng katutubong panitikan ang *pagbasa* rito lalo na’t nasa tradisyong

pabigkas ito, ngunit mapapansin na sa loob ng silid-aralan, sa panahon na pinag-aaralan na ito sa mga klase sa panitikan, tinatasa na ito bilang akdang nakalimbag at nakasulat. Kung kaya, animo'y naglalaho ang gahum ng katutubong panitikan bilang tekstong sinasalita at binibigkas na nagmula sa isang komunidad na malayo apat na sulok ng silid-aralan.

Sa obserbasyon ni Rosario Cruz Lucero (2004), hindi makatuwiran ang pagbasa sa katutubong panitikan na animo'y liriko na lamang ng awitin na nakasulat sa papel. Higit na nararapat ang pagsangguni rito bilang isang proseso na nakamapa sa tradisyong pinapakinggan at isinasagawa, lalo't higit ang pagdanas dito sa pamamagitan ng paharaya at imahinasyon (436). Sa ganitong pagdulog, masasabing mapanganib ang paraan ng *pagbasa* sa katutubong panitikan bilang isa lamang teksto na nakakulong at nakapinid sa nakakamanhid na hawla ng mga letra. Bagaman lumilitaw sa mga naunang antolohiya at pag-aaral hinggil sa katutubong panitikan ang ganitong pagtataya, mainam ang pagmamapa sa teksto ng tradisyong pabigkas sa pinagmulan nitong konteksto na binubuo ng konstelasyon ng kalikasan, kapaligiran, at kaligiran.

Kung babalikan ang mga kuwentong Ilianen Manobo na “Bad Character (Girl) and Good Character (Girl)” at “Pilanduk and the Crocodile Chief,” maaaring lagpas sa ugali at kagandahang asal ang nais iparating ng mga ito. Sa puntong ito, marubdob ang pangangailangang imapa ang mga katutubong panitikan sa lawas ng batis na pinagmulan nito. Marahil, higit sa aral hinggil sa disiplina at parusa, at maging sa talinghaga na nakapaloob sa imahen ng buwaya, higit na makatarungang suriin ang mga katutubong kuwento bilang bahagi ng tradisyong pabigkas na inawit ng mga Ilianen Manobo sa Hilagang Cotabato. Sa realidad ng pag-awit at pagsasagawa sa katutubong panitikan na nasa anyo ng tradisyong pabigkas, mahalagang sipatin ang ugnayan ng mang-aawit at madlang nakikinig sa paglikha ng kahulugan. Sa pagtataya ni Wrigglesworth sa kanyang monograpo na “Manobo Storytelling as Approximation to Drama” (2011), inihahayag ang tungkulin ng tagapakinig at manonood hindi lamang bilang isang pasibong nakatunghay na tagatangkilik at tagamasid sa kanyang nasasaksihan. Sa pamamagitan ng “undug te etew” (audience responses), ginagampanan ng tagapakinig ang kanyang tungkulin bilang kabahagi sa paglikha ng katutubong

panitikan (8). Sa diskursibong pagpapakahulugan, hindi lamang ang mang-aawit ang siyang manlilikha ng katutubong panitikan sapagka't ito ay komunal na pag-aari at maaaring sipatin bilang kolektibong likha ng buong komunidad.

Sa halos ilang beses na itinuro ko ang “Bad Character (Girl) and Good Character (Girl)” at “Pilanduk and the Crocodile Chief” sa kursong Filipino 21 (Katutubong Panitikan) sa Unibersidad ng Pilipinas Mindanaw, malimit na nag-uumpisa ang talakayan sa pagkilala sa pinagmulang pangkat ng akdang sinusuri. Halimbawa’y ang Ilianen Manobo (na kilala rin bilang Livunganen Arumanen Manobo) na karaniwang matatagpuan sa magkatalikod na mga bulubundukin ng Hilagang Cotabato at Bukidnon at Davao na tumutuloy hanggang Maguindanao at Lanao del Sur. Mahalaga ang ganitong pagmamapa sa pinag-iigibang balon sapagka’t nakatutulong ito sa “pagpapakahulugan, paghuhugis, paglalarawan, paglikha ng lugar at tao batay sa iba’t ibang tinig at persepsyon, nakatitik man o salimbibig sa pagdaan ng panahon” (Nelmidia-Flores xi-xii). Mahihiwatigan sa ganitong pagpapakahulugan na ang pagmamapa ay hindi lamang nakasandig sa pagsusukat sa pisikal na paligid kundi pagtatala at pag-unawa rin sa kultura ng lugar at espasyo. Masasabi rin na isa itong paraan ng pagtukoy sa kung papaano maaaring tingnan at suriin ang daigdig. Isa itong pagmamapa na pagsasadiwa ng pahiwatig sa binubuong kahulugan at realidad (Offen at Dym 2011, 6). Mahalaga ang pagmamapa, halimbawa, sa pinanggalingang katutubong pamayanan dahil kalakip nito ang pag-unawa sa materyal na kultura at pagdalumat sa espasyo at kaugnay nitong lunan (Sletto 2011, 298). Sa ganitong lente ng pagsipat, lumilitaw ang samu’t saring tunggalian na maaaring maaninag sa komunidad at ang ugnayan nito sa katutubong panitikan. Sa panimula ni Miguel Bernad sa *The Song from the Mango Tree* (2004), idinidiin niya ang iba’t ibang usaping kinakaharap ng katutubong pangkat ng mga Ilianen Manobo: pag-aari sa *yutang katawhan* (lupang ninuno), pandarayuhan at paglilipat buhay ng mga miyembro, industriyalisasyon, moderno’t teknolohikal na pagsulong, at batayang panlipunan at pangmedikal na paglilingkod (4). Bagaman, nananatiling pahapyaw ang pagtalakay sa mga ito sa unang bahagi ng talakayan sa kurso kong Filipino 21, tinatanaw na mas mainam itong himayin sa sandaling tatasahin na ang simptomatikong paksa na inihahayag ng akda. Lumilitaw din na higit na naimamapa sa kung minsa’y malawak ngunit kadalasa’y makitid na landasin ng pag-unawa sa pinanggalingang pangkat at espasyo ang sinusuring akda na animo’y

namamangka sa dagat ng produksyon ng kaalaman sa bansa na hindi maaninag ang tatahakin. Sa pagmamapang ito higit na nagiging malinaw ang kakulangan sa pag-apuhap sa landas (*wayfinding*) upang higit na mapalitaw ang danas at pakikibaka ng pamayanang *pinag-aaralan*. Nagiging makabuluhan din ang dalumat ng *literary landscape* sa talakayan kung magsisimula sa pagmamapa rito. Sa pananaw ni Ma. Crisanta Nelmidia Flores (2020), kung susuriin ang isang akda mula sa pinanggalingan nitong espasyo, maaaring umalingawngaw dito ang paghabi at paglikha na nakabatay sa “pagsipat ng mga pangyayaring payapa o nakayayanig sa loob at labas ng komunidad” (11). Sa bahaging ito, hinaharaya ang kuwentong Ilianen Manobo bilang isang akdang inaawit at isinasagawa bilang pagtatanghal.

Tutuloy ang talakayan sa estetika ng katutubong panitikan na batid naming mabuway ang pamantayan sa Araling Pilipino. Hanggang sa kasalukuyan, walang masasabing maayos na mga tala na nagsasalikop sa kayarian at estetika ng katutubong panitikan. Kung kaya’t kalimitan, nanghihiram pa ang guro at mananaliksik na Filipino ng iba’t ibang balangkas at teorya mula sa ibang bansa sa tuwing pag-aaralan at susuriin ang katutubong panitikan. Tanyag na balangkas na ginagamit, halimbawa, ang mga pagkilala at pag-unawa ng Soviet na folklorista at mananaliksik na si Vladimir Propp sa kanyang morpolohiya, maging ang estruktural na koda ng Pranses na si Roland Barthes, at ang *genetic structuralism* ng Pranses ding si Lucien Goldmann.

Sa pag-aaral ng kaalamang-bayan at katutubong panitikan sa Pilipinas, masasabing mayroong nagkakaiba-iba ngunit nagkakalapit-lapit na pagdulog at balangkas ang mga naunang kritiko, iskolar at mananaliksik. Postkolonyal ang lapit ni Isabelo de los Reyes sa kanyang panawagan hinggil sa proyektong “artsibo” (*archive*) na *El Folklore Filipino* na hinaharayang magtitipon sa mga kaalaman na matatagpuan sa iba’t ibang panig ng kapuluan. Sa imahinasyon ni Isabelo, kinakailangan ang isang “artsibo” na tila sasalungat sa namamayaning kaalaman na ipinalalaganap ng mga dayuhang mananakop. Ang “artsibo” na ito ang siyang hinaharaya bilang lunduyan ng pambansang kaalaman sa Pilipinas.⁹ Masasabi naman na estruktural ang pagdulog ni E. Arsenio Manuel (1956) sa kaalamang-bayan lalo na sa inihain niyang dalawang katukuyan nito: una, bilang katipunan ng mga kathang-bayan, kaugalian, at paniniwala; at pangalawa, bilang sining tungkol sa pag-aaral sa mga nabanggit na

katipunan. Hindi malinaw ang inihahaing pagdulog ni Manuel lalo na't tila pagpapakahulugan lamang ang kanyang ibinibigay. Sa mga etnograpihong datos ni Manuel, lumilitaw din ang impluwensiya ng mga naunang balangkas sa agham panlipunan. Sa pananaw naman ni Macario Tiu (2013), malaki ang gamit (*functional*) ng kaalamang-bayan sa pagbuo ng alternatibong kasaysayan sapagkat taglay nito ang mga kahulugan at pagpapakahulugan na umiinog sa daigdig ng iba-ibang etnolingguwistikong grupo sa iba-ibang yugto at panahon.

Kung dadalumat in ang estetika ng “Bad Character (Girl) and Good Character (Girl)” at “Pilanduk and the Crocodile Chief,” lumilitaw ang tambalan ng mang-aawit at manonood o tagapakinig bilang magkaparis sa paglikha ng akda. Kapansin-pansin ang pagbibigay-aliw ng kuwentong binibigkas sa mga manonood o tagapakinig na sumusubaybay na nag-aambag din sa pagtuya, pagtawa, at pagkabahala sa kung ano ang susunod na mangyayari. Ngunit lagpas sa simplistikong paghahanap sa “moral” na aral ng kuwento at sa batayang pagpapakilala rito bilang pang-aliw, mababanaag ang tinataluntong punto ng katutubong kuwento hinggil sa ugnayan ng nilalang sa kapaligiran at kapaligiran sa daigdig. Sumisilip sa ganitong pagtanaw ang nagkakaisang tinig ng mga usaping nakapaloob sa komunidad lalo na sa antas ng pananaw-mundo at *batasan* (tuntunin) ng mga Ilianen Manobo.

Ngunit higit na nagiging makabuluhan ang talakayan sa tuwinang iniugnay na ang mga kuwentong Ilianen Manobo sa mga susunod ditong pitak sa kasaysayan na tumutungo hanggang sa kontemporaryong panahon. Halimbawa, hindi maiiwasang iugnay ang magkapatid na sina Mepiya Bawa at Meraat Bawa sa pagsusulatan nina Urbana at Feliza sa manwal sa kagandahang asal na *Ang Pagsusulatan ng Dalawang Binibini, sina Urbana at Feliza* (1864) ni Fray Modesto de Castro sa panahon ng kolonyalismong Espanyol. Ipinapakita sa kuwentong Ilianen Manobo ang pagkakaiba ng dalawang magkapatid – si Mepiya Bawa ay matiisin, mabait, at mapagbigay habang si Meraat Bawa nama'y madaling mabagot, magaslaw, at mapanlibak. Ngunit kung susuriin, higit na tinatampok ng kuwento, lagpas sa maka-dayuhang proyekto na pagbibinyag ng kagandahang asal, ang pagdudugtong sa ugnayan ng pook sa nilalang at sa kalikasan. Bagaman nagkakatulad sa daloy ng naratibo, masasabing malayo ang tinatahak na landas ng kuwentong Ilianen Manobo sa kolonyal na naratibo nina Urbana at Feliza. Nananatiling

makadayuhang proyekto ang huli lalo na sa litaw na litaw na adhikain lipulin ang kung ano pang nalalabing pananaw sa katutubong daigdig. Nakapupukaw ding ihambing ang kuwento ni Pilanduk at ng buwaya sa mga kontemporaryong pelikula at serye sa telebisyon kung saan patuloy na inilalarawan ang imahen, sa iba't ibang hugis at anyo, ng mga nasa ibaba ng estruktura ng lipunan na dahil sa pagiging pilyo at tuso ay tuluyang nagagapi ang mga nasa itaas nito. Sa kuwentong Ilianen Manobo, bagaman kapwa nalalayo ang antas sa pamayanan ni Pilanduk at ng buwaya kung ikukumpara sa datu, mahalagang suriin na sa huli'y si Pilanduk at ang buwaya pa rin ang nanatiling matagumpay. Subersibo ang kinahinatnan ng kanilang panunudyo sa mismong datu. Ngunit, tandaan, na si Pilanduk hindi gaya ng mga pulitikong tuso, suwail, at mapagbiro ay walang hawak na mapaniil na kapangyarihan sa kanyang mga kamay.

Ang realidad na maiuugnay ang mga kuwentong Ilianen Manobo sa kasalukuyang panahon ay masasabing realidad din na ang katutubong panitikan, maging ang kaalamang-bayan, ay hindi lamang matatagpuan sa nakaraan, naroon, at nakalipas. Hindi ito nalalayo sa pagtanaw ni Rosario Cruz Lucero (2007) sa kaalamang-bayan bilang kayarian na nagpapaliwanag at gumagabay sa pag-unawa sa mga konsepto at pangyayari na nagaganap sa kasalukuyan. Hinaharaya ang kaalamang-bayan at maging ang katutubong panitikan bilang mga bahagi ng kulturang ipinapahayag (*expressive cultures*) na umiiral hindi lamang sa “katutubong daigdig”¹⁰ sa nakalipas kundi maging sa nagtatalastasang panahunan ng pangnagdaan, pangkasalukuyan, at panghinaharap (20-21). Ito rin ang siyang binabagtas ni Rolando B. Tolentino sa kanyang sanaysay na “Matagal nang Patay ang Babae: Bawal sa Panitikang Bayan” (2007). Isinisiwalat ni Tolentino ang talastasan ng “katutubo” at “kontemporaryong” pagpapakahulugan sa katutubong panitikan na nahahati sa dalawa: una, ang sinaunang panitikang-bayan na nauukol sa lahat ng panitikang iniluluwal ng komunidad tulad ng kuwentong-bayan, salawikain, bugtong, epiko, awit, alamat, at iba pa; pangalawa, ang modernong panitikang-bayan na tumutukoy sa dalawang larangan nang pagpapatuloy ng “folk at popular” sa urbanisadong lunan ng “bayan” at ang panitikang-bayan na likha mula at tungo sa masa tulad ng awiting protesta, prison poetry, dulansangan, panitikan para sa kilusang mapagpalaya, at iba pa.

Kung tutuusin, magkatuwang na binabaklas ng pagharaya nina Cruz-Lucero at Tolentino ang tradisyunal at konserbatibong

pagtingin sa kaalamang-bayan at katutubong panitikan. Sa isang banda, pinalalaya ng ganitong pagtataya ang teksto ng panitikan mula tradisyong pabigkas patungong nakasulat hanggang sa nababasa sa birtuwal na lipunan ng internet, habang sa kabilang banda naman, ang kaalamang-bayan at katutubong panitikan ay pinalalaya na rin mula sa pagkukulong dito sa “katutubo” patungo sa “moderno” at “kontemporaryong” daigdig. Kung kaya, si Mepiya Bawa kasama ang kanyang kapatid na si Meraat Bawa, at maging si Pilanduk at ang buwaya at ang datu at asawa nito ay masasabing umiiral hindi lamang sa kahapon, kundi narito rin sila sa ngayon, at maging sa kakaharaping bukas. Sapagkat ang kahapon, ngayon, at bukas ay ang narito na nasusumpungan ng dalawa nating mata.

Ang mga pagtatangkang ito hinggil sa pagdalumat sa kaalamang-bayan at katutubong panitikan ay hindi nalalayo sa pag-unawa ni Francis Gealogo hinggil sa kasaysayan na nakapaloob sa masalimuot na diskurso ng kapangyarihan, lipunan, at panahon. Sa pananaw ni Gealogo (1990), nakamamanhid ang tradisyunal na lohika ng panahon na nakakulong sa iisang naratibo at nakabatay sa mekanikal na orasan at kalendrikong paniniwala tulad ng ang lahat ay nagsisimula sa yugto ng pagiging primitibo na tutungo sa modernong panahon palipad sa globalisadong daigdig. Binibigyang katuwiran ng ganitong pag-unawa ang pananakop ng mga dayuhan at mayayamang bansa sa maliliit at mahihirap na bansa na animo’y naiwan sa pagiging primitibo at barbaro. Kinakailangan ang pananakop upang isalba mula sa kinasasadlakang kahirapan ang mahihirap na bansa. Sa ganitong konteksto, nararapat nating humulagpos sa pagtingin sa kasaysayan bilang pahabang pagtatanghal (*linear presentation*) at unawain ito batay sa hugis ng panlipunan at pangkulturang panahon na nag-iiba-ibang ritmo at galaw na umuulit-ulit, tumatalon-talon, at bumabalik-balik.

Kaugnay ng ganitong pag-usisa sa kasaysayan ang isinisiwalat ni Alvin Yapan (2010) hinggil sa bisa ng pag-uulit sa katutubong panitikan tulad ng epiko at kuwentong-bayan at paglalapat ng susong-susong katangian nito sa dalumat ng panahon at espasyo. Sa imahinasyon ni Yapan, ang katutubong panitikan, partikular na ang epiko (o kung ano man ang nararapat na katawagan dito ng pinagmulang etnolingguwistikong pangkat kung mayroon man) ay nagtataglay ng estetika ng pag-uulit. Masalimuot at mahirap itong ipaliwanag lalo na kung ibabatay sa iba-ibang kasangkapang

pampanitikan na mababasa o madidinig sa epiko, tulad ng pagkakaroon ng “ritmo at indayog,” episodyo na tinatawag ding “anda,” “magkakatulad at magkakatugmang linya, paglalarawan sa tauhan, lugar, at panahon, at mismong estruktura ng pagiging katutubong panitikan nito. Ang poetika ng pag-uulit sa epiko, dagdag ni Yapan, ay hindi lamang nakabatay sa pag-uulit-ulit ng mga elementong tekstual kundi nakalubog sa kinapapalooban nitong pamayanan. Kung patuloy na dadalumat, maiuugnay ang ganitong estetika ng pag-uulit sa katutubong panitikan sa mas malalim na pagpapakahulugan sa kasaysayan na malayo sa naunang pagharaya dito bilang kronolohiko. Ang kasaysayan ay hindi na tinatanaw sa lente ng pagyuyugto kundi sa posibilidad na ng pag-uulit-ulit ng mga yugto at “hindi na pinapahalagahan ang nakaraan bilang kasaysayan, kung hindi nilang hindi maihihiwalay na panahon sa kasalukuyan, at kung gayon, sa hinaharap din” (170). Wala nang kalahati, simula, at wakas.

Sa pagtuturo ng katutubong panitikan, iminamapa ko ang mga kuwentong Ilianen Manobo gaya ng “Bad Character (Girl) and Good Character (Girl)” at “Pilanduk and the Crocodile Chief” hindi lamang sa lunan na tinatanaw sa nakalipas at animo’y nakakulong sa anino ng nakaraan. Marahil, kung susundan ang mga pagtataya ng mga historyador, mananaliksik, at kritiko na inilahad sa sanaysay na ito, masasabing narito pa rin sa nagtatagisang panahunan ng kahapon, ngayon, at bukas ang kaalamang-bayan at katutubong panitikan. Tulad din ang mga ito ng iba’t ibang etnolingguwistikong pangkat na kinakailangang palayain sa itinatak dang bilangguan at museo ng lumipas na alaala. Kapwa naroon sa nakaraan, maging sa tinatapos na kasalukuyan, at sa malayo-layo pang tatahakin na hinaharap ang mga ito. At kung tititigan natin ang mga nasa paligid – mula sa mga balita sa telebisyon, radyo, at dyaryo, maging sa mga nililikhang akdang sining – patuloy ang kuwento ng mga katutubo. Patuloy ang pang-aagaw ng lupa at pagpatay sa mga Lumad, patuloy na ikinukuwento ang kanilang kultura batay sa iba-ibang lente at pagsipat, at patuloy din ang pandarahas sa kanilang haraya at kalayaan. Ang lahat ng ito ay nangyayari sa ngayon.

Noong 2015, sa isang hindi ko malilimutang pananaliksik sa bayan ng Caraga, Davao de Oro¹¹ kasama ang isang matandang kaibigan na dating pari at nagtuturo rin sa Unibersidad ng Pilipinas Mindanaw, binisita namin ang pamayanan ng mga Mandaya at Dibabawon na naging lunan sa halos apat na dekada niyang

pananaliksik. Halos tatlong oras ang biyahe ng bus mula Davao patungong Monkayo at saka sumakay kaming muli ng *habal-habal* na tinahak ang isang kalsada nang hindi lalagpas sa tatlung minuto. Naglakad kami ng hindi hihigit sa dalawampung minuto at saka tuluyang narating ang pamayanang aming kakapanayamin. Payak at luntian ang tekstura ng paligid, malayo sa hermenyutika ng sibilisasyong kumikitil sa dati at sinaunang mga paniniwala at perspektiba. Ito, marahil, ang binabanggit ng mga naunang iskolar at mananaliksik hinggil sa pagmamapa (*mapping*) at pag-apuhap sa landas (*wayfinding*). Bakas sa mukha ng mga tao sa pamayanan ang isang siglo ng pagkakait sa mga pangarap at pananaw na pilit ninanakaw kapwa ng dunong at may mga kapangyarihan. Tatlong taon ang lilipas, ilulunsad ng kasama kong pari, sa tulong isang propesor din sa Unibersidad, ang sinaliksik niyang tatlong episodyo ng *dawot* (epiko) ng mga Mandaya. Ginabayan sila ng National Commission for Culture and the Arts sa paglalathala ng libro. Sa araw ng paglulunsad, sa pagitan ng kasiyahan, galak, at tungkuling bayan na pangalagaan at panatilihin ang buhay na kultura ng mga Mandaya, naisip ko ang ginagampanang papel ng mga institusyon sa buhay at haraya ng mga Mandaya. Sa isang banda, gawaing panghabambuhay ng isang iskolar ang kanyang pananaliksik hinggil sa isang pangkat na pilit nililimot sa alaala ng bayan. Ito ang kanyang ambag sa diskurso at produksyon ng kaalaman sa isang bansang tila isinumpa ng kasaysayan. Sa kabilang banda naman, marubdob ang realisasyong ang kulturang ipinapahayag (*expressive cultures*) na bahagi ng pang-araw-araw na buhay ng pangkat ay binibigyan na ngayon ng bagong bihis, isinisilid sa isang makapal na aklat, kalakip ang realidad na maaaring ipagkait ng pagkakataon ang karapatang mabasa nila ito. Mula sa bibig ng mga nasa pamayanan, sa pag-awit ng *dawot*, sa pagsasalin dito mula pabigkas patungong nakasulat, unti-unti, dahan-dahan, marahang-marahan, isinisilid na ito bilang bahagi at anyo ng panitikan. Bibitbitin sa loob ng unibersidad at saka *babasahin* sa apat na sulok ng silid-aralan. Gagamitin ang iba-ibang teorya at balangkas – mula Kanluran patungong Silangan. Umuunlad ang mananaliksik ngunit nagpapatuloy ang siklo ng pang-aapi sa kanayunan.

Sa biyahe sa bus pabalik sa siyudad ng Davao mula sa pananaliksik sa bayan ng Caraga, saglit akong naalimpungatan sa pagkakatulog. Sa katabing upuan, mahimbing na natutulog ang iginagalang kong kaibigan na dating pari. Matagumpay ang pagbisita namin sa pamayanan. Sa paligid, mapapansing kakaunti ang lulan ng

sinasakyan naming ordinaryong bus – walang aircon, basag ang bintana, at lumalangitngit ang upuan. Tanaw sa labas ng basag na bintana ang kumakaway na marilim na bundok. Mapanglaw ang mga bangin. Tinutunaw ng dilim ang mga dumadaloy na sasakyan sa pasiklot-siklot na kalye ng bundok – mula kongkretong hugis ng liwanag patungong anino patungong kawalan. Sa pinapakinggang radyo ng tsuper at konduktor, binabalita na halos 2,000 na Lumad sa Diatogon, Lianga, Surigao del Sur ang kinakailangang lumipat ng tirahan matapos itong lusubin ng sinasabing mga miyembro ng isang makakanang grupo na pinopondohan ng hukbong sandatahan at gobyerno ng Pilipinas. Tatlo ang nasawi sa engkuwentro na iyon. At sa pagitan ng walang pangalang kalyeng aming binabagtas at garalgal na mga tunog mula sa balita sa radyo, naisip kong sa ganito marahil maimamapa at masisilid ang isla-rehiyon ng Mindanaw at arkipelago ng Sulu sa mga naiwang pandama: sintunado ang himig at musikang inaawit ng pamahalaan, kultura, at hinaharayang bayan.

Mga Tala:

- ¹ Ang unang borador ng sanaysay na ito ay binasa sa UP Mindanao College of Humanities and Social Sciences Foundation Week Lecture Series noong Pebrero 2017 sa Davao City. Nagpapasalamat ako sa mga naging katrabaho at estudyante ko sa UP Mindanao na nakatulong ng malaki sa paglilok sa kasalukuyang anyo ng sanaysay.
- ² Sa librong *Perception of the Environment: Essays in Livelihood, Dwelling and Skill* (2000), binabanggit ng antropologong si Tim Ingold ang sumusunod: "In wayfinding, people do not traverse the surface of a world whose layout is fixed in advance – as represented on the cartographic map. Rather, they 'feel their way' through a world that is itself in motion, continually coming into being through the combined action of human and non-human agencies" (155). Ginamit din ni Jessie Varquez, Jr. ang sipi sa kanyang artikulong "Of Place-names, Mapmaking, ang Wayfinding: The Sago (Metrosylon Sagu Rottb.) Forest in Bunawan, Agusan del Sur" na nalathala sa *AghamTao* 2015.
- ³ Gagamitin ko sa sanaysay na ito ang terminong "Lumad" (na may malaking titik "L") bilang kolektibong pangalan ng iba't ibang etnolingguwistikong grupo sa Mindanaw at Sulu, gayong malay ako sa mga hindi produktibong konsepto at ideya na nakapaloob dito. May mga hinuha ang mga lokal na historyador at mananaliksik sa Mindanaw at Sulu na ang Sugbuanong Binisaya na salitang "lumad" na nangangahulugang "katutubo" o "nitibu" ay katawagang ibininyag lamang ng mga Sebuwanong dayo (dagsa) sa mga pangkat na sa palagay nila ay kaka-*iba* sa kanila. Maaaring ipagpalagay na hindi ito nalalayo sa pagturing na mayroong Sarili (Self) at mayroong Iba (Other). Ngunit, sinasabi rin na mula sa kumperensiya ng mga "tribal chieftains" noong dekada '70 ang katawagan lalo na't ang mga katutubo mismo ang siyang pumili sa termino bilang kolektibong katawagan sa iba't ibang katutubong pangkat sa Mindanaw at Sulu.
- ⁴ Sa sanaysay na ito, babaybayin ko ang pangalan ng pangkat bilang Ilianen Manobo at hindi Ilianon Manobo. Bunsod na rin ito ng mga karanasan at paniniwala ko bilang mananaliksik na igalang ang kung papaano ninanais baybayin ng isang pangkat ang kanilang pangalan. Sa mga nakausap kong Ilianen Manobo, binabaybay nila ang kanilang pangkat bilang i-l-i-a-n-o-n ngunit binibigkas naman bilang i-l-i-a-n-o-n.
- ⁵ Lubos ang pasasalamat ko kay Dr. Rosario Cruz Lucero na siyang nagbahagi sa akin ng mga kuwentong Ilianen Manobo na "Bad Character (Girl) at Good Character (Girl)" at "Pilanduk and the Crocodile Chief" sa isang gradwadong kurso sa Oral na Panitikan sa Pilipinas sa UP Diliman sa unang semestre ng Akademikong Taon 2011-2012. Malaki ang ambag ng mga dunong na ibinahagi ni Dr. Lucero sa loob ng silid-aralan sa unibersidad at maging sa labas nito. Maaari ring basahin ang sanaysay ni Dr. Lucero na "Singer on the Mango Tree," mula sa aklat na *The Nation Beyond Manila* (2007), upang lubos na maunawaan ang estetika at imahen ni Pilanduk sa panitikan at lipunang Filipino.
- ⁶ Bagaman Mindanao Studies 1 ang siyang pangalan ng kurso sa Unibersidad ng Pilipinas Mindanaw, tuwinang may pag-iingat sa tuwing itinuturo ito sa unang araw ng klase lalo na't masidhi ang pangangailangan sa maayos na pagpapaliwanag ukol sa mga terminong gagamitin bilang katawagan sa isla-rehiyon ng Mindanao at kakabit nitong arkipelago ng Sulu. Sa diskurso ng kaalaman sa Pilipinas, higit na nararapat ang paglalangkap sa Sulu bilang katambal ng Mindanaw maging sa pagpapangalan ng kurso.

- 7 Sa bahaging ito, mahalagang bigyan ng diin na ang etnolingguwistikong pangkat na Livunganen Arumanen Manobo ay maaaring kaugnay ng mga Ilianen Manobo lalo na't magkakaugnay ang espasyo at lunan na kanilang pinanggalingan na pinagsasalikop ng Bundok Apo: Davao, Hilagang Cotabato, at Bukidnon (partikular ang bayan ng Carmen).
- 8 Maraming kritiko at teorista na ang nagpahayag hinggil sa suliranin sa paggamit ng terminong "katutubo" lalo na't lumilitaw na ngayon ang teorya ni Homi Bhabha hinggil sa "talaban" (hybridity). Ngunit sa sanaysay na ito ay gagamitin ko ang "katutubo" bilang kakabit ng panitikan na tumutukoy sa mga akdang pampanitikan na nasa tradisyong pabigkas o pasalita.
- 9 Ngunit, mayroong matalas na pagbasa si Resil Mojares (2013) hinggil sa proyektong ito ni Isabelo lalo na sa antas ng pagbuo o rekonstruksyon ng pambansang kaalaman. Nag-iwan ng katanungan si Mojares kung ang hinaharaya bang ito ni Isabelo ay manggagaling sa itaas o ibaba, sa mayroong hawak ng kapangyarihan o sa mga inaabuso ng kapangyarihan. Sa puntong ito, maiaangkop ang proyekto ni Isabelo sa binabanggit ni Michel Foucault na *The Archeology of Knowledge* (1971) ukol sa bisa ng arkeolohiya ng kaalaman na maiuugnay sa kabuluhan ng "artsibo" upang labanan ang mapanupil na gahum ng mga "monumento" at "dokumento" sa kasaysayan (6-7).
- 10 Sa bahaging ito ng sanaysay, ipinapaloob ko sa panipi ang terminong "katutubo" upang bigyan ng diin na ang "katutubo" ay hindi lamang nakakulong sa nakalipas at nakaraan kundi ito'y sumasabay sa kunday ng kandila maging hanggang sa kasalukuyan at kakaharapin.
- 11 Noo'y bahagi ang Davao de Oro ng lalawigan ng Davao del Norte ngunit tuluyan na itong inihiwalay noong 1998 bunsod na rin sa mga katuwirang ang mayayamang negosyante lamang, na sila ring nahahalal bilang politiko, ang nakakaalam.

Mga Sanggunian:

- Cruz-Lucero, Rosario. "The Song from the Mango Tree: A Book Review." *Philippine Studies* vol. 52, no. 3, 2004, pp. 431-436.
- . *The Nation Beyond Manila / Ang Bayan sa Labas ng Maynila*. Quezon City, Ateneo de Manila University Press, 2007.
- de los Reyes, Isabelo. *El Folklore Filipino*, sal. Salud C. Dizon at Maria Elinora Peralta-Imson. Quezon City: University of the Philippines Press, 2010.
- Foucault, Michel. *The Archaeology of Knowledge and the Discourse on Language*, sal. AM Sheridan Smith. New York: Random House, Inc., 1971.
- Gealogo, Francis A. "Ang Mga Taong Labas ang Kabayanan, at ang Diskurso ng Kapangyarihan at Kasaysayan." *Diliman Review* vol. 38, no. 1, 1990, pp. 123-138.
- Lumbera, Bienvenido. "Introduksyon." *Paano Magbasa ng Panitikang Filipino*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2000, pp. xi-xii.
- Manuel, Epifanio Arsenio. "Ang Folklore o Kaalamang-Bayan sa Pilipinas." *Mga Lektura sa Panitikang Popular*, 2014, ed. Virgilio S. Almario. Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino, 1956.
- Nelmida-Flores, Ma. Crisanta. *Pangasinan: Isang Etno-kultural na Pagmamapa*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino, UP Diliman, 2020.
- Offem, Karl at Jordana Dym. 2011. "Introduction." *Mapping Latin America: A Cartographic Reader*. Chicago: The University of Chicago Press.

- Propp, Vladimir. *Morphology of the Folktale*. Austin: University of Texas Press, 1968.
- Schreurs, Peter MSC. *Caraga Antigua 1521-1910: The Hispanization and Christianization of Agusan, Surigao and East Davao*. Cebu City: University of San Carlos Press, 1989.
- Sletto, Bjørn. 2011. "Mapping the Pemon Homeland." *Mapping Latin America: A Cartographic Reader*. Chicago: The University of Chicago Press.
- Tiu, Macario D. *Davao: Reconstructing History from Text and Memory*. Davao City: Ateneo de Davao University Press, 2013.
- Tolentino, Rolando B. "Matagal nang Patay ang Babae: Bawal sa Panitikang Bayan." *Sipat Kultura: Tungo sa Mapagpalayang Pagbabasa, Pag-aaral, at Pagtuturo ng Panitikan*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2007.
- Varquez, Jessie G Jr. "Of Place-Names, Mapmaking, and Wayfinding: The Sago (Metroxylon sagu Rottb.) Forest in Bunawan, Agusan del Sur." *Aghamtao* vol. 24, 2015, pp. 1-23.
- Wrigglesworth, Hazel J, recorder and translator. *An Anthology of Ilianen Manobo Folktales*. Cebu City: University of San Carlos Press, 1981.
- . *Good Character and Bad Character: The Manobo Storytelling Audience as Society's Jurors*. Cebu City: University of San Carlos Press, 1993.
- . *The Song from the Mango Tree*. Cebu City: University of San Carlos Press, 2004.
- . *Manobo Storytelling as Approximation to Drama*. SIL Electronic Working Papers 2011-001.